PROFUND

PROTECT OUR FUND

PETISYON PARA PROTEKTAHAN ANG PONDO NG MGA MIYEMBRO NG SSS, GSIS, PHILHEALTH AT OWWA

Kami, mga manggagawa sa pribado at pampublikong sektor, sa loob at labas ng bansa, ay mariing tumututol sa paggamit pondo ng Social Security System (SSS), Government Service Insurance System (GSIS), Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), Philhealth at iba pang pondong panseguro, para sa mga kahina-hinalang proyekto ng gubyernong Arroyo. Nagpahayag si SSS President Romulo Neri na maglalaan siya ng P12.5 bilyong sobrang pondo umano ng SSS para sa “economic stimulus fund” ng gobyerno.

Naninindigan kami na ang pondo ng SSS, GSIS, OWWA ay pribadong pondo na hindi maaaring basta na lamang galawin ng gobyerno. Pondo ito ng mga manggagawa at hinding-hindi namin papayagan na pakialaman ito ni Arroyo na kilala sa mga kaso ng korapsyon.

Naniniwala kami na na kung may sobrang pondo mang nalilikom sa SSS o iba pang katulad na ahensya, ito ay dapat na mapunta sa mga direktang benepisyo para sa mga miyembro nito. Maaari itong gamitin para dagdagan ang iba’t ibang benepisyo sa SSS tulad ng retirement fund, accident insurance, maternity leave, disability pension o kaya’y pantulong sa paparaming bilang ng mga manggagawang natatanggal sa trabaho dahil sa krisis.

Hindi namin papayagan na magamit ang pondong panseguro ng mga manggagawa at empleyado para sa pansariling interes ng mga nasa kapangyarihan, laluna para sa nalalapit na eleksyon sa 2010.

Nananawagan kaming bawiin ni SSS President Romulo Neri ang alok niyang ibigay ang P12.5 bilyong pondo ng SSS para sa kahina-hinalang ‘stimulus package’ at proyekto ng gubyerno. Binabalaan namin ang GSIS, OWWA, Philhealth at iba pang katulad na ahensya na huwag maglabas ng pondo para sa mga programa na hindi naman pakikinabangan ng mga miyembro nito at mga nag-iimpok ng pera dito.

NAME	ADDRESS	SIGNATURE
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____

PROFUND

PROTECT OUR FUND

PETISYON PARA PROTEKTAHAN ANG PONDO NG MGA MIYEMBRO NG SSS, GSIS, PHILHEALTH AT OWWA

NAME	ADDRESS	SIGNATURE